

Ang Antiretroviral na panggagamot

Ang panggagamot gamit ang Antiretroviral therapy (ART) ay isa sa pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan ng medisina. Ang ART ay isang uri ng panggagamot ng HIV o AIDS. Mahalagang unawain na ito ay hindi nakakapagpagaling sa isang taong may HIV o AIDS subalit napapabagal nito ang pag-unlad ng sakit.

Maraming iba't ibang pormulasyon ang antiretroviral depende na lamang sa kung gaano na kalala ang HIV. Ang grupo ng gamot sa anti-HIV ay: *Nucleoside/Nucleotide Reverse Transcriptase Inhibitors*, *Non-Nucleoside Reverse Transcriptase Inhibitors*, *Protease Inhibitors* at *Fusion o Entry Inhibitors*. Ang *Nucleoside analogs* ay ang isa sa pinakaunang uri ng ART na nagawa bago matapos ang 80s. Ngunit mas naging mabisa ang gamot ng mid-90s nang ito ay ginamit kasama ang iba pang gamot. Kung bakit ang kombinasyon na ito, na karaniwang tinatawag na *cocktails*, ay nagiging mas mabisa kaysa sa pagamit ng isang gamot lamang ay dahil sa ang HIV ay mabilis magbago ng anyo at natututunan nito na labanan ang anumang gamot. Mahigit sa labindalawampu na ng gamot sa HIV ang naaprubahan kasama na rito ang iba't ibang pormulasyon ng magkasama at magkahiwalay na antiretroviral na droga.

Ang indikasyon sa pagamit ng ART ay binabase sa pagsusuri, kalalaan ng sakit, at bilang ng CD4+. Ang tatlong ito ang nagpapahiwatig kung ang isang paciente ay kailangan nang bigyan ng ART o maaari pang ipagpaliban. Kung gaano kalaki ang pagkakataon na ang isang HIV+ na paciente ay magkaka-AIDS ay kailangan pag-isipan laban sa mahabang panahon ng pagagamot at ang resistencya nito sa virus. Ito ay dahil sa ang ART, kung pangmatagalang gagamitin ay maaaring makalason o makasama sa paciente sa katagalan. Marahil ito ang mahirap na tanggapin ng mga tao sa ibang kultura na hindi lahat ng taong may HIV ay kailangan agad ng pang mabilisang gamot. Sa kabilang dako naman, may mga ibang paciente na takot sa AIDS ay takot lamang sa gamot. Iniisip nila na pag nagsimula na silang magpagamot ay ito ay dahil sa sila ay malapit na sa katapusan o mamatay. Meron ding ibang paciente na iniisip na pag sila ay nag-ART na, hindi na sila makakatrabaho at lagi na lamang silang nasa ospital para magpagamot. Pareho itong hindi totoo. Ang ART ay maaaring inumin tulad ng pills at hindi nito binabago ang takbo ng kanilang buhay.

Kelan binabago ang uri ng ART? Nangyayari ito sa mahigit kumulang na 50% ng paciente sa unang taon. Ang tatlong dahilan dito ay: masamang epekto ng gamot (diarrhea, polyneuropathy, severe anemia, pancreatitis, atbp), walang bisa ang gamot, at pagkalason sa gamot sa pangmatagalang pagamit.

Kahit meron ng ART, na nagbago ng pagamot ng HIV at AIDS at nagpapahaba ng buhay ng mga paciente, ang presyo nito ay isa pa ring malaking hadlang sa mga mahihirap na bansa. Ayun sa UNAIDS, ng taong 2006, mayroong 39.5 milyon na tao ang may HIV sa mundo, at karamihan sa kanila ay naninirahan sa mahihirap na bansa. Maliit lamang na porsyento nito ang gumagamit ng ART. Ang epektibong pagagamot ng HIV/AIDS ay nangangailangan ng ART bilang isa sa pagpipilian. Kung ang mga tao na may HIV/AIDS ay walang paraan para makakuha ng ganitong pagagamot, maikling buhay lamang ang kanilang maaasahan.